# MRT-7 tuloy na ang konstruksiyon sa QMC station

Balita · 1 Mar 2020 · 4 · Alexandria Dennise San Juan

Inalis ng Pamahalaang Lungsod ng Quezon ang cease and desist order na nauna nitong inisyu sa pagtatayo ng istasyon ng MRT-7 Quezon Memorial Circle (QMC) kasunod ng pag-apruba sa bago nitong disenyo.

"Ni-lift na po ng city government ang cease and desist order ngayon dahil natuwa naman po kami na binigyang-halaga ang aming concerns," sinabi ni Quezon City Mayor Joy Belmonte, kahapon.

Sa isang pahayag mula sa Department of Transportation (DOTr), nakasaad dito na ang mga opisyal ng Lungsod ng Quezon at mga stakeholder nito, kasama ang mga opisyal mula sa National Housing Authority, ay inaprubahan ang bagong disenyo ng QMC Station na iprinisinta ng developer na San Miguel Corporation (SMC) at ng kontratistang EEI Corporation.

Inisyu ni Belmonte noong nakaraang linggo ang temporary cease and desist order sa konstruksiyon ng istasyon, binanggit ang pagsusuri ng environmentalist at historians na ang istasyon ng MRT-7 na matatagpuan sa QMC, ang pinakatanyag na landmark ng lungsod at isang heritage site, ay "encroaching on the park's integrity."

"Today, we are very happy that we have succeeded not only in preserving our park, but at the same time, we have succeeded in ensuring that our people will have adequate mass transportation," dagdag ni Belmonte.

Samantala, sinabi ni DOTr Undersecretary for Railways TJ Batan na mahigit kalahati na ang natapos sa construction works ng MRT-7 project, at inaasinta nila ang partial operation nito sa susunod na taon, at full revenue service pagsapit ng 2022.

"Currently, almost 55 percent complete na tayo. Lahat ng mga tren, lahat ng mga bagon, tapos na, na-test na at ready na i-ship from [South] Korea. Makikita natin na yung mga viaducts ay halos patapos na rin at ang stations ay tinatapos na," sinabi ng transport official.

"Yung depot natin na tinatawag ay nasolusyunan na rin, kung kaya on track tayo doon sa commitment ng DOTr, galing sa ating concessionaire na maging partially operable by 2021," paniniyak niya.

Ang MRT-7 ay binubuo ng 14 na istasyon mula North Avenue sa Quezon City hanggang San Jose del Monte, Bulacan at inaasahang pagsisilbihan ang 850,000 commuters.